

Nakasulat na Pamamaraan sa 4 na Oras bilang Kontrol para sa Kalusugan ng Publiko (Time as a Public Health Control, TPHC).

1. Ihahanda ng _____ at pananatilihin ang _____ gamit ang TPHC.
Pangalan ng Pasilidad Naaangkop na mga Pagkain

2a. Magsisimula ang oras kapag inalis na ang pagkain mula sa: (maglagay ng check sa isa)

Refrigerator (41°F o
mas mababa)

Pagkakaluto

Mainit na kalan (135°F o
mas mataas)

Ang bawat pagkain ay pananatilihin nang maximum na 4 na oras.

O

2b. Kung ang pagkain ay ready-to-eat, magsisimula ang oras kapag inilapat sa pagkain ang Kontrol sa Oras/Temperatura para sa Kaligtasan ng Pagkain sa pamamagitan ng: (maglagay ng check sa isa)

pagbubukas sa mahigpit na nakasarang pakete

pagputol/paghiwa sa naaangkop na
prutas o gulay

Maaaring magsimula ang pagkain sa 70°F at ang bawat naaangkop na pagkain ay pananatilihin sa loob ng maximum na 4 na oras. Kapag lumampas sa 70°F ang temperatura ng pagkain, itatapon ang pagkain kahit gaano pa man ito katagal na pinanatili.


3. Ang _____ ay maglalagay ng label sa lalagyan ng pagkain na nagsasaad kung kailan ito itatapon upang matiyak na hindi ito pananatilihin nang lampas sa 4 na oras.
Pangalan ng Pasilidad

4. Kapag hindi namarkahan ang pagkain o kung ipinapakita ng label na lumampas ito sa limitasyon na 4 na oras, itatapon ang mga pagkain. Ang anumang matitirang pagkain pagkatapos ng 4 na oras na limitasyon ay itatapon at HINDI idadagdag/ihahalo sa susunod na batch.

Mahalagang Paalala:

- Ang bawat pagkain na pananatilihin gamit ang TPHC ay dapat na ilista sa nakasulat na pamamaraan at dapat na i-update ang mga nakasulat na pamamaraan kung/kapag nagbago ang mga pagkain.
- Ang mga nakasulat na pamamaraan ay dapat na palaging available sa site.
- Magsisimula ang oras kapag inalis na ang produkto mula sa naaangkop na kontrol ng temperatura. Ang 4 na oras na limitasyon ay hindi maaaring “iantala” o ihinto sa pamamagitan ng paglalagay ng pagkain pabalik sa kontrol ng temperatura.

Para sa karagdagang patnubay sa TPHC, bisitahin ang:
[“FAQ sa Oras Bilang Kontrol para sa Kalusugan ng Publiko”](#)



Matatagpuan ang impormasyon sa kaligtasan ng pagkain sa
[Food Safety Resource Library ng WCHD.](#)

